AMERICAN IMMIGRATION LAWYERS ASSOCIATION



# Alamin ang Iyong mga Karapatan: Ano ang Gagawin Kung Ikaw ay Ikinulong sa isang Port of Entry sa U.S. (para sa mga Legal na Permanent Resident)

## Updated sa 2025: Mas Mahigpit na Pagpapatupad ng Batas sa mga Ports of Entry

Tulad ng lahat ng mga internasyonal na manlalakbay, ang mga legal na permanent resident (LPR)—kilala rin sa palayaw na Green Card holders—ay sumasailalim sa inspeksyon ng U.S. Customs and Border Patrol (CBP) pagdating sa isang airport o port of entry. Bagama't mas malawak ang mga karapatan ng mga LPR kaysa sa mga nonimmigrant kapag bumabalik sa Estados Unidos pagkatapos maglakbay sa ibang bansa, nakakaranas ng lahat ng mga noncitizen ngayon ng mas masusing pagsisiyasat sa border kaugnay sa mga nakaraang isyu sa imigrasyon, pakikipag-ugnayan sa pulisya, at aktibidad sa politika. Mahalagang malaman mo ang iyong mga karapatan kapag bumabalik sa Estados Unidos.

### Bumabalik na Residente vs. Darating na Dayuhan

Bilang isang LPR, susuriin ka ng CBP upang magpasya kung ikaw ay isang "bumabalik na residente" o isang "darating na dayuhan." Kung magpasya ang CBP na ikaw ay isang "**bumabalik na residente**," dapat kang maproseso nang mabilis at matanggap sa Estados Unidos. Gayunpaman, ituturing ka ng CBP na isang "**darating na dayuhan**" kung magpasya ito na ikaw ay mayroon:

- Tinalikuran o sinuko ang iyong katayuan bilang LPR;
- Lumabas sa U.S. nang tuluy-tuloy na mahigit 180 araw;
- Sumali sa ilegal na aktibidad pagkatapos umalis sa U.S.;
- Umalis ng U.S. habang nasa proseso ng pagpapaalis o ekstradisyon;
- Nakagawa ng ilang kriminal na pagkakasala, maliban kung nabigyan ka ng waiver sa imigrasyon; o
- Nagtatangkang pumasok nang walang inspeksyon.

### Pangalawang Inspeksyon:

Kung may mga katanungang lilitaw at hindi ka agad matanggap ng CBP, maaari kang dalhin sa isang hiwalay na lugar para sa "pangalawang inspeksyon." Hindi dahil may pangalawang inspeksyon ka ay nangangahulugang ikaw ay magkakaproblema, ngunit maaari kang maantala ng ilang minuto hanggang ilang oras o mas matagal pa. Sa pangalawang inspeksyon, ipapasiya ng CBP kung dapat kang payagang pumasok sa Estados Unidos. Sa pangalawang inspeksyon:

- Maaaring magtanong ang CBP, magsagawa ng mga pagsusuri, at mangolekta ng iyong biographic at biometric data (tulad ng mga fingerprint at litrato).
- Maaaring halughugin at pansamantalang kunin ang iyong telepono, laptop, o iba pang elektronikong gamit. Maaaring suriin din nila ang iyong aktibidad sa social media. Sa ilang mga kaso, maaaring kunin nila at ibalik ang mga aparato sa ibang pagkakataon. Pakitingnan ang aming Electronic Device Search Flyer para sa dagdag na impormasyon.
- Maaari kang humingi ng resibo para sa iyong mga aparato kung kinuha ito ng CBP.
- Maaari kang madetine kung may alinlangan o pagdududa ang CBP tungkol sa iyong karapatang pumasok sa bansa.

### Babala Tungkol sa Form I-407: Pagpapabaya sa Katayuan ng LPR

Maaaring hilingin sa iyo ng CBP na pirmahan ang Form I-407, Record of Abandonment of Lawful Permanent Resident Status (Pagpapabaya sa Katayuan ng LPR). **HUWAG** pirmahan ang dokumentong ito maliban kung nakausap mo na ang iyong abogado. Dapat pirmahan nang kusang-loob ang Form I-407. Mahalagang malaman na:

- Hindi maaaring mawala ang iyong LPR status base sa katagalan mo sa labas ng U.S. nang hindi muna pinapayagang repasuhin ng isang immigration judge ang isang presumption of abandonment (pag-aakala ng pagpapabaya).
- Dapat patunayan ng gobyerno ang pagpapabaya sa katayuan ng LPR sa pamamagitan ng malinaw, walang kaduda-duda, at nakakakumbinsing ebidensya sa mga paglilitis sa korte tungkol sa pag-alis. **Hindi ito magagawa ng CBP sa border.**
- Kung tatanggi kang pumirma sa Form I-407, dapat kang bigyan ng CBP ng Notice to Appear para sa korte ng imigrasyon.
- Kung kukunin ng CBP ang iyong green card, maaari kang humingi ng ebidensya ng iyong katayuan sa pamamagitan ng paglalagay ng selyo sa iyong pasaporte. Kung tatanggihan nila, maaari kang mag-iskedyul ng appointment sa USCIS upang humiling ng selyo ng I-551 sa iyong pasaporte bilang patunay ng iyong katayuan.

### Kung Ikaw ay Nadetine – Alamin ang Iyong mga Karapatan:

Kung naniniwala ang CBP na hindi ka makakapasok o tumanggi kang pumirma sa isang Form I-407, maaari kang makulong nang magdamag o ilipat sa detensyon ng imigrasyon. Mayroon ka pa ring mga sumusunod na karapatan:

©2025 American Immigration Lawyers Association



AILA is the national bar association of immigration lawyers comprised of over 15,000 members located in every state of the United States and worldwide.



- May karapatan kang makipag-ugnayan sa iyong konsulado. Matutulungan ka ng konsulado na makipag-ugnayan sa isang abogado o miyembro ng pamilya.
- Maaari kang humiling na makipag-usap sa isang abogado, ngunitmaaaring tanggihan ng CBP ang hiling na ito. Gayunpaman, mainam na humiling ng abogado para nasa rekord mo ito.
- May karapatan kang manahimik at huwag pumirma sa anumang dokumento nang walang legal na payo, lalo na kung may mapansin kang mga pagkakamali sa mga dokumento o hindi ka sumasang-ayon sa nilalaman ng mga ito.
- May karapatan kang repasuhin ang lahat ng nakasulat na pahayag na inihanda para sa iyo, sa wikang mauunawaan mo.
- May karapatan kang humingi ng interpreter (tagasalin) kung hindi mo lubos na nauunawaan ang mga tanong na itinatanong o ang mga dokumentong ibinigay sa iyo. Huwag pumirma sa anumang bagay na hindi mo nauunawaan.

**Karapatan sa isang Hukom ng Imigrasyon**

Kung sasabihin ng CBP na ikaw ay maaaring tanggalin sa bansa, may karapatan kang magkaroon ng pagdinig sa harap ng isang hukom ng imigrasyon. Huwag talikuran ang karapatang ito. Ang hukom ng imigrasyon—hindi ang CBP—ang dapat magdesisyon kung maaaring alisin ang katauyan ng iyong green card.

**Mga Tanong Tungkol sa Pulitika, Relihiyon, o Aktibismo**

Maaaring magtanong ang CBP tungkol sa iyong mga paniniwalang pampulitika, mga asosasyon, o pakikilahok sa mga protesta. Hindi mo kailangang sagutin ang mga tanong tungkol sa protektadong aktibidad ng First Amendment ng U.S. Constitution (Saligang Batas ng Estados Unidos). Maaari kang tumanggi na sumagot sa mga hindi naaangkop na tanong.

**Bago Ka Maglakbay**

Kumunsulta sa isang abogado ng imigrasyon bago maglakbay kung:

- Mayroon kang rekord kriminal—kahit para sa mga maliliit na pagkakasala/pag-aresto—o isang nakabinbing kasong kriminal.
- Mayroon kang mga nakabinbing aplikasyon sa USCIS o korte ng imigrasyon.
- Mayroon kang mga nakaraang paglabag sa imigrasyon o mga mahirap na pakikipag-ugnayan sa CBP.
- Ikaw ay isang kondisyonal na residente.

**Mga Mahahalagang Paalala**

- Maglakbay dala ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan para sa iyong abogado at sa iyong konsulado sa isang hiwalay na papel.
- Ipaalam sa iyong pamilya ang iyong mga plano sa paglalakbay at magsabi pagdating mo.
- Kung madetine ka, subukang makipag-ugnayan sa isang abogado o humingi ng tulong sa isang taong magtanggol sa iyo. Sa ilang pagkakataon, makakatulong ang pagkakaroon ng Form G-28 na nilagdaan ng iyong abogado sa imigrasyon.

*Para sa karagdagang legal na suporta at pagsusuri ng iyong kaso, kumunsulta sa isang abogado sa imigrasyon. Kung wala kang abogado sa imigrasyon, makakahanap ka ng lisensyado sa www.ailalawyer.com.*

*Ang flyer na ito ay para lamang sa pangkalahatang impormasyon at hindi maituturing na payong legal. Hindi ka dapat kumilos o umasa sa anumang impormasyon sa flyer na ito nang hindi humihingi ng payo mula sa isang may kakayahang at lisensyadong abogado sa imigrasyon.*

**©2025 American Immigration Lawyers Association**

**Flyer last updated on July 2, 2025.**

AILA is the national bar association of immigration lawyers comprised of over 15,000 members located in every state of the United States and worldwide.